



KARMA'S DIGITAL 1

Dear gahd, nakailang filter na siya pero mukhang pa ring cheap, third-class at kasing-appealing ng hair-infested *Jaelyn Hill* lipstick ang mga pictures ng beach na iyon!

“I give up!” Humilata si Stacia Alodia Terron sa foldable sun chaise at inis na humalukipkip habang hawak ang *iPhone*. Tinapunan niya ng iritadong tingin ang babaeng nakaupo sa kanyang kaliwa.

She rolled her eyes. The girl needed a stylist. Or just plain ol’ common sense. Dana tried too hard to look chic and retro in that red high-waisted bikini bottom and black-and-white polka dot bikini top. Feeling Taylor Swift? Puh-lease. Sa lusog nito, the bikini looked more like a freaking diaper. And that heavy contour? Diosme, blend, blend, blend! And that double bun braided hairstyle was just too much.

“Dear Lord, Dana, when you said you wanted to surprise us, I never expected you to give us the worst beach experience of our lives.” Maarteng umayos si Stacia ng higa sa chaise at napaungol nang gumewang

ang plastic lounge. See? Even the freaking sun chaise was cheap. “What were you thinking? No amount of filter can save this god-forsaken beach. Nakita mo ba’ng hitsura ng lugar na ’to bago mo kami pinapunta rito?”

Bumungisngis ang lalaking nakasuot ng hot pink beach shorts at visor style sun hat sa kanyang kanan. “Well, she did surprise us,” gatong ni Reggie, ang kanyang hairstylist slash videographer at photographer minsan. “Nalurkey tayong lahat sa beach na ’to.”

“It’s not that bad.” Pilit ang ngiting inilibot ni Dana ang tingin sa paligid. “It’s quiet here. Walang masyadong tao, it’s very private.”

“Uh, yeah. Walang tao kasi walang gustong pumunta rito.” Winasiwas ni Stacia ang braso sa direksyon ng malumot na baybayin at tinadyakan ang itim at mabatong buhangin. “Girl, mag-gravel and sand business na lang ang ate mo, mas papatok ’yon.”

Humalakhak ang mga kasama nila.

Napatungo si Dana, pero nagtaas din ulit ng mukha at masiglang ngumiti. “But you can just take a selfie and not show the beach, right? Post it on IG, and just tell everyone the beach is great, and they can come here. P’wede na ’yun!”

Ay, si ateng talaga.

Stacia shook her head at the woman. In times like this, she wasn’t sure if Dana was being naïve or just

showing her true a*shole colors. Tingin niya ay iyong huli.

With her pretty face and sweet voice, people always thought Dana was all sugar-and-spice-and-everything-nice. But in reality, Stacia knew she was just another phony. Panggap. Iyong tipong nagpo-post ng *'I woke up like this'* samantalang nakapaghilamos na ito, nakapaglagay ng BB cream, brow gel at lip tint.

“You mean you want me to lie to my followers?” Pinapungay ni Stacia ang mga mata. “What, honeypot, like how you tell us your boobs are all natural and you didn’t have a boob job?”

Muling humalakhak ang mga kasama.

“T-that’s not true, my boobs are real—”

“Oh, come on, Dana, darling, no one believes your boobs are natural.” Malambing niyang tinapik-tapik ang braso ng babae saka maaliwalas na ngumiti. “Una, dear, kasing-flat ng runway ang dibdib mo n’ung eighteen tayo. Then after a month, boom! Instant 36-D! Kaloka ka, dear. Ano ’yun, magic? At girl, dapat sa Korea ka nagpa-boob job at hindi sa US. Mas magaling sila d’un. Mukhang ballistic gelatin na may formaldehyde ang boobs mo. Hindi gumagalaw, dear!”

Humagapak ulit ng tawa ang mga kaibigan, at talo pa ni Dana ang nabilad nang ilang oras sa araw sa pamumula ng balat nito.

Matamis siyang ngumiti.

What? Totoo ang sinabi ni Stacia. Mukha naman talagang petrified gelatin sa tigas ang boobs ng babae.

Yawning, she stretched her arms above her head, jutting out her 34-B cups. And yes, her ‘girls’ were *au naturale*. She had nothing against cosmetic surgeries, but b*tch, please stop the denial.

Muli siyang naghikab. Gahd, she’s so sleepy. She should have just stayed at home and slept all day.

Kadarating lang niya from Los Angeles noong isang araw at may jet lag pa siya. At sa daming pre-wedding activities sa darating na mga araw, sigurado siyang hindi siya magkakaroon ng oras para magpahinga. She shouldn’t have trusted Dana. The hussy was a freaking liar.

Siniko siya ni Reggie. “Girl, you’re so mean. Iiyak na ’yang si Dana—and oh! Oh! Oh! May cutie.” Maningning ang mga matang ikiniling ng lalaki ang ulo sa kanang direksyon, bahagyang itinabingi ang visor sun hat nito.

Nilingon ni Stacia ang itinuro ng kaibigan at namilog ang kanyang mga mata.

Well, well, well. Her lips curved into an impish smile as she watched the tall and totally ripped hottie walk past them.

Correction, mali si Reggie. Hindi cute ang lalaki. Cute was for puppies, for babies, for that flawless Korean K-Pop idol.

This guy was hawt. Like scorching, panty-melting, raw sex appeal hawt. Like, ohmygahd-you-should-be-an-IG-model-and-show-those-abs-and-you'll-have-three-million-subscribers-in-a-month hawt!

Namimilog pa rin ang mga mata at bahagyang nakaawang ang mga labi, napatitig lang si Stacia sa maskuladong likod ng lalaki.

Now, now, for the record, hindi ito ang unang beses na nakakita siya ng drop-dead gorgeous hunk. She had been living in Los Angeles for two years now, and L.A. is the home of *Hollywood* celebrities and celebrity wannabes, and most of them had faces and bodies that could launch a million *Facebook* likes. Her neighbor's dogwalker was a six-foot-five Adonis with an eight-pack abs and surfer blonde hair. Which was so fake, by the way. She saw him at the beach the other day, and the guy couldn't surf worth sh*t.

But this guy?

Malawak siyang ngumiti habang pinapadaan ang tingin sa malapad nitong mga balikat at maskuladong likod. The guy was raw sex appeal on steroids. The sun-kissed skin, fine dusting of dark hair across his rock-hard chest, brawny arms and muscular legs? She needed to fan herself. Perfect ten!

"He's a lifeguard here," putol ni Dana sa iniisip niya.

Maikling tumawa si Stacia. "No sh*t, sweetie pie.

What gave him away? 'Yung lifeguard na nakasulat sa pulang shorts niya o 'yung rescue buoy na bitbit niya?'

Muling namula ang babae at napatungo. She laughed prettily and crossed her shapely legs. The girl was so sensitive. Konting kibot lang, akala mo inapi na.

"Kilala mo siya?" usisa kay Dana ni Ate Jewel, ang kanyang personal assistant.

Her 46-year old PA had the confidence of Elizabeth Taylor and Marilyn Monroe multiplied by a power of ten. Kahit overweight, carry pa rin nitong magsuot ng black and blue two-piece. Nakalugay ang buhaghag at kulot nitong buhok na bumagay sa hugis puso nitong mukha at kayumangging kulay.

"No," mahinang sagot ni Dana. "First time kong makita siya rito."

"Go get his name, Stacia!" Tinusok ni Reggie ang baywang niya.

"Girls, he's on duty," saway ni Shannon habang nakatitig sa phone nito.

As always, Shannon looked classy in her simple black one-piece swimsuit. Unlike Dana, this woman knew how to use makeup to her best advantage.

At thirty-nine, Shannon Santillan looked dewy and fresh, her figure trim and toned. Hindi pa rin nalalayo ang hitsura nito ngayon kumpara noong nanalo itong third place sa *Miss Universe* halos dalawang dekada na ang nakakaraan. Malago at makintab ang nakalugay

nitong brown na buhok, at parang porselana ang kutis ng babae sa sobrang puti.

“You’re uploading a video?” untag ni Dana kay Shannon.

“No, just checking comments and emails.”

Beauty blogger din sa *YouTube* si Shannon gaya ni Stacia. In fact, Shannon was one of her earlier fashion icons. Dito galing ang unang pair niya ng high heels.

Bumuntong-hininga ang babae at sandaling hinilot ang noo.

“What’s wrong?” untag ni Stacia habang sinisipat ang sarili sa front camera ng phone.

She still looked perfect, her long wavy hair up in messy bun; her sun-kissed skin, dewy and clear. Since they were at the beach, she only had minimal makeup; just a flick of wing liner to accentuate her upturned eyes, some brow gel and a swipe of hot red lippie for a full sexy pout.

“There’s some problem in the factory. I need to go back in Manila tonight and settle some issues. With how things are going, I might even miss your brother’s wedding.”

“What?” Naibaba ni Stacia ang phone at napaharap sa babae. “You can’t! That’s not right!”

Matamlay na ngumiti si Shannon. “Things aren’t going well with *Shimmer*. Marc said I have to get celebrities and influencers to promote the supplements,

but I don't want to pay hundreds of thousands just to make them post a series of pictures when I can put that resources on research and development." Nahilot ng babae ang noo. "God, this is really stressing me out."

"Hindi mo ba talaga p'wedeng i-promote sa *IG* at *YouTube* channel mo 'yung vitamin supplements ni Shannon?" hirit ni Dana, maamo ang mga mata. "I'm sure it would help boost sales."

Stacia's smile was poisoned honey when she flicked her gaze at Dana. Painosente effect ang isang ito, gusto lang namang manggatong. Dana knew very well why she couldn't promote those freaking food supplements on her channel.

"You know why I can't," she purred, tossing her head back and curling her lips. "A large chunk of my followers are Americans and Europeans now. Hindi uso ang glutathione at pampaputi sa mga 'yon. And look at my skin. Mukha ba 'kong gumagamit ng skin lightening dietary supplements? Unlike you, Dana, my brand's already international."

Napababa ulit ng tingin ang kausap niya.

"Isip-isip kasi muna, Dana, bago mag-comment," sabat ni Lizzy, isa ring beauty blogger at classmate din nila ni Dana since elementary.

Gaya ni Stacia, nakataas din ang buhok ng babae at nakasuot din ng *Sonia Castillo* two-piece swimsuit. Puti ang suot nito habang kulay peach ang kanya. She

swore if she had a penis tattooed on her face, Lizzy would get one, too. The girl had been copying her since they were in diapers.

“And I have posted the vitamins on *FB* and on *IG Stories*.” Itinaas niya ulit ang phone at hinanap ang tamang liwanag para sa kanyang selfie. “I just can’t post it and promote it all the time.”

“But you know, girls, papable talaga si kuya lifeguard.” Bumuntong-hininga si Reggie habang nakatitig sa lalaking nasa lifeguard platform.

Pouting, she flicked her gaze back to the god of hotness.

Nakaupo ito kasama ang isa pang lifeguard sa lilim ng thatch roof ng lifeguard stand. Damn, ang tuwid nitong umupo, parang nasa military camp. Kahit ang crew cut nito ay parang pang-sundalo. His whole body looked tight and rigid as he sat and looked out to sea. But it just tickled her even more. There’s just something thrilling about luring cool and strait-laced guys into the dark side.

“You know, girl,” sulsol ni Lizzy, “I think that guy’s the perfect candidate for your cherry popper.”

She hissed and shot Lizzy a murderous glare.

“Sorry!” Nagtaas ito ng dalawang kamay. “I... I just thought you wanted to get rid of it before you return to L.A., right?”

At talagang sinabi pa iyon! Gusto yata nitong

malaman ng lahat na virgin pa siya! *Gagita!*

“Oy, tama na ’yan.” Pinanlakihan sila ni Ate Jewel ng mga mata. “Baka ako ang pagalitan ni Sir.”

She huffed and crossed her arms. “Ate Jewel, ako na ang nagpapasuweldo sa ’yo, sa akin na dapat ang loyalty mo.”

“Ay naker, tumigil ka na.”

“I’m almost twenty-one! Dad has no rights to stop me from doing anything I want!”

“Well, hindi ka pa twenty-one. Tama na ’yan bago ka pa isumbong ni Lory.”

Bumusangot si Stacia at sinulyapan ang maskuladong babae na nakaupo sa lounge chair malapit sa kanila.

Her bodyguard wore a nondescript black shorts and rash guard. Nakapusod ang mahaba nitong buhok at nakasuot ng dark sunglasses. May baril ito sa tagiliran.

Dear gahd, she loved Ate Lory, pero ito rin ang bane of existence niya. She couldn’t get guys alone for more than five minutes without Ate Lory putting the fear of god in them!

There was this one time when this gorgeous *VNY* model was dancing with her in a club and got a little touchy, then out of nowhere, Ate Lory had the guy in a choke hold. That was so embarrassing! Needless to say, the guy never spoke to her again. It’s a miracle she still had a social life.

“Uy, tingnan mo si Dana, o!” Humagikhhik si Lizzy. “Ang lagkit ng tingin kay yummy lifeguard!”

“W-what?” Namula lalo ang mga pisngi ng nabanggit na babae.

“Type mo, Dana dear?” sulsol ni Lizzy.

“Well...” Napasulyap ulit ang babae sa lifeguard stand, at muling namula ang mga pisngi nito.

Ooohhh.

Kumislap ang kanyang mga mata at tumaas ang sulok ng mga labi sa isang pilyang ngiti. “I’m going to ask his name.”

Napalipad sa kanya ang tingin ni Dana. “W-what?”

Maarte niyang ikiniling ang ulo. “Why? Gusto mong ikaw ang kumuha?”

“N-no, b-but why are you going to ask his name?”

She batted her thick lashes. “Why not?”

“Well...” Napakagat-labi si Dana at napatingin sa lap nito. “He’s not your type. He’s just a lifeguard here. He’s not someone famous.”

She threw her head back and laughed. Oh, pakunwari pa ang babaeng ito. Ayaw pang sabihin na natatakot itong magkagusto sa kanya iyong lalaki dahil may crush ito roon. What’s so difficult in admitting that?

“And so?” she quipped. “Just because I’m asking for his name doesn’t mean I want him to be my boyfriend, Dana dear.”

“But you know guys would get hung up on you if you approach them like that.”

There! Lumabas din.

Smirking, Stacia shrugged her shoulders again. “That’s not my problem.”

Taas-noo siyang tumayo at isinuot ang neck strap ng phone.

“Darling,” saway ni Shannon, “he’s on duty.”

Nagkibit-balikat siya. “So what? I’m a celebrity. I bet he’ll want to take pictures with me.”

Lizzy and Reggie cheered her on.

Yeah, yeah. She’s pretty bad. She wished she had some traumatic tear-jerking childhood story to explain her bitchy attitude. But nope. She grew up in a loving family, baby. Maldita lang talaga siya.

Grinning, she turned toward the direction of the lifeguard stand. At muntik siyang matapilok nang makitang nakatitig sa kanya ang binata.

Even from a distance, she could see the hard angles of his face and the stark intensity of his eyes. His dark brows were knitted, the corners of his lips turned down in a frown.

What? Narinig ba nito ang pinag-usapan nila? She doubted it. Malayo sila rito. Malamang narinig lang nito ang malakas nilang tawanan kaya napatingin sa kanilang direksyon.

Lumapad ang kanyang ngiti at humakbang siya

palapit dito. Whatever. Let him look.

Stacia had always been proud of her body. She didn't have massive boobs but her breasts were full and high, her waist tiny, her hips shapely. And her butt, oh, she loved her butt! Round and firm and juicy. Part of that was genes, but a big part was also diet and exercise.

Five feet and four inches siya, hindi sapat para maging ramp model. But that didn't matter. Marami sa mga famous at timeless sex symbols ay hindi katangkaran. Marilyn Monroe, Elizabeth Taylor, Clara Bow. She'd bet *Cleopatra*, *Delilah*, and *Salome* were petite girls, too.

Nakita niyang tumayo rin si Ate Lory para sundan siya, pero hindi na niya pinansin.

Strutting toward the platform, she let her hips sway gently, her back arching to push her full breasts forward.

The god of hotness clenched his jaw as his eyes drifted to the exposed swell of her creamy breasts. His gaze glided to her flat abdomen down to her curvy hips and toned legs.

Something hot and dark pulsed deep between her thighs. He liked what he saw, didn't he?

Guys always had that reaction toward her. They saw her, stared at her, and she knew they were imagining themselves between her thighs, pushing their heavy c*ck deep and hard into her sex.

Marahan siyang huminga at naramdaman ang pagbilis ng tibok ng kanyang puso.

She loved feeling this way. Loved the way people looked at her, loved the way they admired her, the way they were awed by her. It sent an exhilarating rush of adrenaline pumping through her head. It made her feel glorious.

Did that make her a slut? An attention whore? Someone with a Histrionic Personality Disorder? She didn't care.

Sex was a weapon. And it made her feel powerful.

Bumalik sa mukha ni Stacia ang tingin ng lalaki, at naningkit ang mga mata nito. Even from where she stood, she felt his gaze cooling.

Tiim-bagang nitong iniiwas ang tingin at ibinalik sa karagatan.

Napatigil si Stacia. What? 'Anyare?

Magkasalubong ang mga kilay, itinaas niya ang phone at sinipat ang sarili sa camera. Her red pouty lips were still perfect, her messy bun still sexy as f*ck. Ibinaba niya ang phone at nagpatuloy sa paglakad.

Huminto siya sa paanan ng hagdan paakyat sa platform at tiningala ang lalaki. Under the shadows of the thatched roof, the ridges of his muscles were sharper. He kept his face turned toward the sea, his rigid body a study of unyielding hardness.

Mother of highlighters, he was really hot.

Nilingon siya ng kasamang lifeguard ng binata, at napaawang ang mga labi nito at biglang napatayo.

“A-ah-ah! Hello, miss!”

Typical reaction. Men stutter and throw themselves at her feet all the time.

Matamis siyang ngumiti. “Hi.”

Maganda rin ang pangangatawan ng lalaki at may pagkachinito. Too bad he was sitting right next to the sex god.

“Uhm, ah, hi!” Halos madapa ang lalaki sa paglapit sa hagdan. “Uhm, Stacia Terron, right?”

She laughed prettily, and the guy’s face almost split from smiling too wide. Ano ba ang masasabi niya? Sikat siya.

“Yes, I’m Stacia. You are?”

“Ah, I’m—”

“Stop it, Mike.” The sex god’s voice cut through the air like steel ice. “We’re on duty, stop fooling around.”

Sa wakas, bumaling sa kanya ang tingin ng lalaki, pero kasing-lamig din ng yelo ang titig nito.

“Can we help you with anything?”

Well, that was not typical. Men were rarely cold toward her. Mildly curious at his unusual response, she tilted her head to one side and planted her hand on her hip in a casual flirty pose. She noted how he couldn’t seem to stop his eyes from drifting to the soft curves of her full breasts.

Pero malamig din nitong ibinalik ang tingin sa kanyang mukha.

She wanted to laugh. *Give it up, mon chéri. You want me, admit it.*

“I was just wondering,” aniya sa magaang na tinig. “Ganito ba lagi rito? Walang masyadong bisita. By the way, I’m Stacia Terron, you are?”

“I’m sorry, but we’re on duty, miss. If you have questions about the resort, please inquire at the front desk. We’re not here to answer questions about the beach.”

She let out a throaty laugh. “You’re too formal! I’m just asking. Are you new here?”

“Please don’t take this the wrong way, but we’re working. If you don’t have anything important to say, please do not disturb us.”

“You’re too serious, sweetie.” Dinagdagan ni Stacia ng tamis ang ngiti. “I just want to chat for a few seconds, and there’s practically no one here anyway. No one’s gonna drown if you take your eyes off the water for a few seconds.”

Her words seemed to have the opposite effect. Imbis na mag-relax, lalong umigting ang linya sa guwapo nitong mukha.

“I’m sorry, miss, but if taking a job seriously is a foreign concept to you, to me it isn’t.”

Tuluyan na nitong ibinaling ulit ang tingin sa

dagat.

“Ah-ah, ano! Sorry, Miss Stacia! Hindi niya sinasadya—” Akmang bababa si Mike ng hagdan pero hinagip ng kasama ang braso nito.

“Stay in your seat, Mike.”

“Calian!” Mike hissed. “Ano ka ba!”

“Stay in your seat, or I’ll report you to Sir Jerome.”

“Ano ka ba! Si Miss Stacia Terron ’yan! Hindi mo ba siya kilala?”

Yeah, Calian, dear, hindi mo ba ’ko kilala?

“Last warning, stay in your seat.”

“Sigel! Tawagin mo si Sir Jerome!”

“Yes, Calian, call Sir Jerome.”

Malamig na bumaling sa kanya ang tingin ng binata.

Tumamis ang kanyang ngiti. The guy was starting to piss her off. She was just being friendly, he didn’t have to be so uptight and cold!

But alas, alas, her evil plan was thwarted when her phone rang. Sinipat niya iyon at nakitang mama niya ang tumatawag.

Inikot ni Stacia ang mga mata. What, sinasabihan ba siya ng kanyang guardian angel na mag-behave?

Malambing siyang ngumiti kay Mike. “Well, I gotta go. Nice meeting you. I hope I didn’t bother you too much. I just wanted to be friendly so I stopped by to chat a little.” Malambing din siyang bumaling

kay Calian. “But I guess some people are just a*sholes. Later, Mike!”

Maarte siyang nag-flying kiss bago tumalikod at rumampa papunta sa dalampasigan. She heard Mike sigh.

“Ang ganda niya, grabe.”

Damn right! May sayad lang ang Calian na iyon. Feeling super guwapo. Never mind if he really was! Echosero!

Sinagot ng dalaga ang tawag. “Ma.”

“Stacia?”

Natawa siya sa absentminded na boses ng ina. “Yes, Ma, your one and only daughter.”

Tumawa ito.

Dumampi ang bumubulang agos ng tubig sa kanyang paanan at nilingon niya ang mga kasama. Nakatingin ang mga ito sa direksyon niya, malamang nagtataka na hindi siya nagtagal sa may lifeguard stand at hindi bumalik sa kanilang puwesto.

Well, duh. Of course, she wouldn't. Magmumukha siyang loser kung bigla siyang bumalik sa mga kasama pagkatapos maechapuwera ng Calian na iyon.

“Oh, sorry, dear. Nagkamali lang ako ng tawag. Si Sally ang tatawagan ko,” tukoy ng ina sa assistant nito. “How are you? 'Andito ka pa ba sa Virac?”

She swore, sa sobrang busy ng ina, kung wala silang mga mapagkakatiwalaang nannies habang lumalaki ng

kuya niya, malamang na-misplace na sila ng kanilang nanay.

“No, Ma, kahapon pa ’ko umalis ng Virac. I’m here in Caramoran.”

“Ah, yes. Nauna ka na nga pala sa ’min ng Papa mo d’yan. See you tomorrow at the hotel, okay? Nasa Palumbanes ka na ba?”

“Yes and no. ’Andoon na ang gamit namin nina Ate Jewel, but we’re here down south of Caramoan in some stupid resort.”

“Okay, later, Stacia. Ingat d’yan, ha?”

“Okay, ingat din, Ma. ’Love you.”

“Love you, too, dear.”

Tinapos nila ang tawag.

Lumusong siya sa tubig at itinaas ang phone na nasa loob ng protective case.

Secretly, she pointed the camera to the direction of the lifeguard stand. Ngumuso siya habang nag-zo-zoom in para kuhanan ng larawan si Calian. She still hadn’t decided what she would do with it, but it’s always good to have some ammunition.

Grumpy Calian really was goodlooking; square jaw, chiseled cheekbones and strong nose.

Hmp.

“Miss Stacia!”

Napaigtad siya nang marinig ang matinis na tili.

“Ohmigad, ohmigad, ohmigad!” Tumatakbong

lumusong ang isang dalagita sa tubig papunta sa kanya.

“You’re Miss Stacia! Right? Right? Ohmygahd!”
Nagtatalon ito.

Hindi niya napigilang tumawa. Nakakahawa ang excitement nito. Siguro mga thirteen o fourteen ang batang babae. She was a little chubby, her hair pulled up in a high ponytail.

“My gahd, idol ko po kayo! P’wede pong magpa-picture? Please please please po!”

Muli siyang tumawa. Oh, to be loved and famous.
“Sure!”

Tumili ang bata at halos sunggaban si Stacia ng yakap. Pareho silang napabungisngis at nadala sa agos ng tubig. The girl was strong!

“Grabee! Kinikilig po ako! Ako po si Grace!”
Itinaas nito ang phone nito at kinuhaan sila ng litrato.

“Say beauty!” ani Stacia.

“Beauty!” Pinindot nito ang screen. “Isa pa po!”

“As many as you want!”

Tumili ulit ang bata at kumuha ng selfie.

Napaurong uli sila at natangay ng alon.

“Ang ganda-ganda n’yo po!”

Laughing, she raised her own phone and took pictures. “I know, right?”

Humagikhhik ulit silang dalawa.

“You’re beautiful, too, Gracie, dear! Oh, dali, smile ulit!”

Muli silang nagtawanan.

“Maloloka ang mga classmates ko kapag nakita po ito! P’wede pong kunan ko rin kayo ng video? Maikling hi lang—”

Pumailanlang ang pito sa hangin at napalingon sila ni Grace sa baybayin.

Calian stood on the shoreline holding a megaphone, the strong lines of his muscular build prominent even from their position.

“Don’t swim farther away!” sita nito gamit ang megaphone. “Turn back!”

She rolled her eyes. KJ pa more!

Matamis siyang ngumiti sa binata at mapang-asar na nag-blow ng kiss dito.

Hinawakan niya sa balikat si Grace. “Girl, we gotta go. Si grumpy lifeguard, baka kaladkarin tayo pabalik sa shore.”

Tumawa ang dalagita at kumapit sa kanyang braso. “Ang guwapo po n’ung lifeguard, Miss Stacia—ay!” Napasigaw ang kasama nang mabitawan nito ang aparato. “Yung phone ko!”

Bago pa niya ito mapigilan, sumisid na ang bata para sa telepono.

“Grace!” tumatawang tawag ni Stacia.

Humampas ang isang alon at hinigop sila nito pailalim sa dagat. Sumalpok sa mukha ni Stacia ang tubig at napaubo siya.

Okay, that got her a little serious. “Grace!”

Lumitaw ang ulo ng bata sa tubig. “Miss Stacia!”
Lumubog ulit ito.

Namilog ang mga mata niya. Okay, now she was really serious. “Grace!”

Sinunggaban niya ang tubig kung saan lumitaw kanina ang bata, pero dumulas ang mga paa niya sa buhangin at napailalim din siya. Mother of sh*t! Biglang lumalim!

Nahagilap niya ang braso ng dalagita at hinila ito pataas.

Humampas ulit ang isang alon at nadala sila ng tubig sa pag-urong nito pabalik. Napasukan ng tubig ang ilong at mata niya. *Oh my god!*

“Miss Stacia! Yung phone ko po!”

“Hayaan mo na! We’ll get—”

Muli silang sinalpok ng alon at nabitawan niya ang bata. *Oh, dear Lord, nasaan na yung batang yun?*

Bakit biglang lumakas ang alon? Ang payapa ng dagat kanina!

“Miss Stacia!” Lumubog ulit ang bata sa tubig.

Okay, Stacia, dear, don’t panic. Sinalpok ulit siya ng tubig sa mukha. *Oh my god! Ate Lory! Ate Jewel! Help!*

“Grace!” Sa wakas ay nahagip niya ang bata at pareho silang umuubong umibabaw sa tubig.

Umugong ang hangin sa dagundong ng kung anong makina, at naipaigkas ang leeg nila ng bata sa

direksyon noon.

And there was Calian in a red jet ski, cutting through the water to get to them.

Calian swerved the jet ski right next to them, his hand shooting out to grab her arm, pulling her toward the board attached to the back of the watercraft.

Agad siyang kumapit sa hawakan ng rescue board at malakas ding hinila si Grace para maabot din nito ang handles.

Sumampa sila ng bata sa yellow board at kumapit nang maigi habang mabilis na umaandar ang jet ski pabalik sa pampang.

Ang lakas ng tibok ng puso ni Stacia at ang lamig ng katawan niya. Patuloy ang paghampas ng tubig at hangin sa kanyang mukha. She had never been a strong swimmer. Kahit lumaki siya sa isla at madalas na nasa beach ay puro kaartehan lang ang ginagawa niya sa tubig. Pa-pose-pose at pa-picture-picture para sa *IG* at *FB*, ganern.

Nakarating sila sa pampang at narinig niya ang sigaw ng mga kaibigan.

“Stacia!” Naunang nakalapit sa kanya si Ate Lory at agad siyang tinulungang tumayo.

“Dear god, are you okay?” Kinapa-kapa ni Dana ang mukha at balikat niya. “Are you okay? May masakit ba? We were so scared!”

“I’m okay! I’m okay!” Hinihinal siyang humigop

ng hangin.

Akay-akay ni Calian si Grace at hinahagod ang likod nito.

“Grace!” Tumatakbong lumapit sa kanila ang isang may-edad na babae.

“Tita!”

Niyakap ng matandang babae ang bata.

“Are you having trouble breathing?” seryosong tanong ni Calian kay Grace habang tinutulungan itong umupo.

Mabilis umiling ang bata. “Hindi po, okay lang.”

Nanatiling nakatitig dito si Calian hanggang sa umayos ang paghinga ng dalagita.

“Okay na po,” paninigurado ni Grace.

“Pero nakainom ka pa rin ng tubig.”

“Opo, parang may pumasok din sa ilong ko.”

Hinarap siya ni Calian, matigas ang titig. “Nahihirapan ka bang huminga?”

“No, no, I’m okay.”

“Wala ka bang ibang masamang nararamdaman?”

“No, I’m good. Just a little weak and shaken.”

May naglagay ng malaking tuwalya sa balikat ni Stacia at maagap niyang ipinulupot iyon sa kanyang katawan. Her heart still thundered fast from the kick of adrenaline.

Ibinalot din ni Mike ng tuwalya si Grace.

Hinayaan silang magpahinga ni Calian nang ilang

minuto bago nagsalita ulit.

“How do you feel now?” untag ng lalaki.

“I feel okay,” sagot ni Stacia.

“Ako rin po.”

He nodded. “Pareho kayong nakainom at nakahinga ng tubig. If you develop breathing problems, coughing, confusion or other troubling symptoms, seek immediate medical attention.”

“Salamat po, salamat po.” Inabot ng tita ni Grace ang kamay ni Calian.

“Thank you po,” segunda ni Grace.

The rush of adrenaline made her feel lightheaded and a bit shaky. Smiling wobbly, she said, “Thank you, Calian.”

He turned to face her fully, his gaze far colder than the water slapping her face minutes ago. “Please let this be a lesson. When a lifeguard tells you to turn back, turn back. No amount of pretty pictures is worth risking a person’s life. Please stop obsessing over your phone when in the water. Your phone and your pictures are not the most important thing in the world.”

Gulat siyang napatitig lang sa binata habang napapitlag naman si Grace. Agad ding napatungo ang bata habang mahigpit na hawak sa dibdib ang phone nito.

“Calian.” Ninenerbyos na tinapik ni Mike sa balikat ang binata. “Come on, things like this happen

sometimes. Wala namang may gusto nito.”

“It shouldn’t have happened. Do you know how many accidents are reported each year because people can’t stop taking pictures of themselves in dangerous and inappropriate places? The sooner they stop this dangerous and stupid behavior, the better.” His gaze remained arctic cold toward her. “What you did was dangerous and foolish. You put not just yourself in danger, but this kid’s life, too.”

Lalong napayuko si Grace.

Natawa si Stacia. Wow, in fairness, iba rin ang saltik ng isang ito. Ang judgmental!

Calian’s gaze hardened even more. “The ocean is a dangerous place, please don’t do anything stupid while in the water to avoid unnecessary danger.”

Her lips curled into a poisoned smile. “Wow, dear, thank you for your advice, but it sure feels good to feel superior and all mighty, doesn’t it? Tell me, dear, have you always been a judgmental a*shole?”

Something hot and dangerous flashed through his dark gaze, making her almost step back.

But his icy control smothered the spark of heat, hardening his chiseled features into impenetrable lines of steel. “I don’t feel superior at all. It’s common sense. The water is dangerous enough as it is without people like you putting yourself in unnecessary danger. You risked not just your safety but this kid’s safety as well. I

told you to turn back, but you ignored my warning and swam farther away. You should learn to follow rules because they're there for everyone's safety. Please don't be selfish and try to think of other people around you."

"Kuya, ako po—"

"Don't explain to him, Grace." Hinawakan ni Stacia ang kamay ng bata habang pumipintig ang mainit na inis sa kanyang lalamunan.

The a*shole technically called her stupid and selfish. Totoo naman ang huli, so she shouldn't really mind. But still, it wasn't the case in this situation, so f*ck him.

"Yung mga taong ganyan, feeling nila ang galing-galing nila. You don't even know exactly what happened but you already had us tried, judged and condemned. Ikaw na magaling. You are a stuck up, self-righteous, conceited prick, darling. Thank you for being an excellent a*shole! I'll make sure to tell your employer about this."

Hinila niya ang braso ni Grace at nagmartsa sila palayo roon.

"Miss Stacia, sorry po—"

"It's okay, sweetie. Okay lang ba ang phone mo?"

"Uh, opo."

"Stacia, let's go back to our room—"

"No." Umiling siya kay Ate Jewel. "Uuwi na 'ko. I'm leaving this god-forsaken sh*thole now."

Tinapunan niya ng masamang tingin si Dana na nagbaba lang ng tingin. “Sorry, I didn’t mean for this to happen. Ako na’ng bahala sa mga gamit natin,” anito.

“Ate Jewel, ikaw na’ng bahala kay Grace. Grace, dear, kapag sumama ang pakiramdam mo, tawagan mo si Ate Jewel, ha? Kung kailangang palitan ang phone mo, sabihin mo rin sa kanya. Ate Jewel, ikaw na ang bahala, ha?”

“O sige, sige.”

“Salamat, Miss Stacia. Sorry po ulit.”

Nakangiti siyang tumango sa bata at sa tita nito at dumerecho sa nakaparadang itim na SUV.

Niyakap siya ni Reggie. “Sasamahan ko na si Dana na mag-ayos ng gamit natin, ha?”

Tumango si Stacia.

“I’ll pack my things, too.” Hinagkan siya ni Shannon sa pisngi. “Don’t stress yourself over this. It’s not worth it.”

“Dana, ayusin mo na rin ang gamit ko, ha?” hirit ni Lizzy at inirapan ang babae. “Sasama na’ko kay Stacia. I don’t wanna stay another second in this sh*thole, either.”

Sumakay sila nina Lizzy at Ate Lory sa SUV.

Pagkasara ng pinto, tinanggal niya ang pagkasukbit ng strap ng phone sa leeg at pinindot ang screen. She’d show that a*shat.

“What are you doing?” namimilog ang mga

matang usisa ni Lizzy nang makitang ina-upload niya sa *Twitter* ang litrato ni Calian.

She smiled sweetly as she started typing. “Showing dear ol’ Calian that karma’s digital.”

Stacia Terron

@staciaterron

Assh*le alert! Had the worst beach experience because of this lifeguard. To all resorts out there, especially here in Catanduanes, never hire this guy ever. So arrogant and condescending. Definitely in running for the greatest ass*le of the year.

Nilagyan niya ng hashtag ang pangalan ng resort, ni Calian at ng kanilang isla.

“And post.”

Masigla siyang ngumiti at sumandal sa upuan. May benteng nag-like agad sa tweet niya. Sigurado siyang magiging viral iyon within an hour.

Humagikhhik si Lizzy. “That is so lit!”

She shrugged her slender shoulders and curved her red-hot lips in a pouty smile. “I know, right?”

Stretching her arms above her head, she arched her back like a cat.

Tingnan lang niya kung may makuha pang trabaho ang Calian na iyon pagkatapos nito.

*You messed with the wrong b*tch, sweetie.*

2

DIAMOND PLAY BUTTON

"Stacia, dear, your package's here!"
Umungol siya at tinakpan ng unan ang ulo. "Go away! I'm sleeping."
Humalakhak sina Reggie at Ate Jewel.

"Girl!" tawag ulit ni Reggie. "Tanghali na! You've got package from *YouTube!*"

Napabalikwas siya ng bangon at napaupo sa kama. "W-what?"

Nakatutok sa kanya ang lente ng dalang camera ni Reggie habang nasa tabi ng kaibigan si Ate Jewel.

Yakap-yakap nito ang isang itim na briefcase na may logo ng *YouTube*.

"Happy ten million subscribers!" tili nina Ate Jewel at Reggie.

Napatili rin si Stacia. "It's here!"

Sumampa ang dalawang kasama sa kanyang kama at agad niyang sinunggaban ang briefcase.

"You're diamond play button's here, beauty!" Nag-kissing noises si Reggie. "Congratulations, girl!"

Bumungisngis siya at binuksan ang mga clasps ng briefcase. Halos mapunit ang pisngi niya sa lapad ng

kanyang ngiti nang makita ang diamond play button na nakabalot sa clear plastic. Agad niyang kinuha iyon at tinanggal sa balot.

So shiny! And heavy! My preciouuuuss!

Muli siyang tumawa.

Smiling at the camera, she lifted the diamond play button and hugged it to her chest. “It’s so heavy! Hello, beauties! I know I look like a mess! I probably have drool on my face and eye gunk.” She laughed giddily. “But this is me, and you all have always accepted me for who I am—makeup, no makeup, eye gunk and all. And now we’re ten million strong! Thank you, thank you so much, everyone! See you later, my beauties! I’ll be uploading a video in a short while! Mwah!”

Nag-flying kiss siya sa camera at malawak na ngumiti.

“Congratulations, bakla!” Ibinaba ni Reggie ang camera at sinunggaban siya ng yakap.

“Thank you, thank you!”

“Dito mo pala pina-deliver ’yan,” komento ng kaibigan habang hinihimas-himas ang makintab na play button.

Humalakhak si Stacia at itinulak ang lalaki. “Bakla, ’wag mong molestiyahin ang diamond play button ko.”

“Shining shimmering splendid kasi!”

“It is! Buti nga dumating na, akala ko next week pa. They say it takes about two to three weeks for the package to arrive, minsan mas matagal pa raw, so I

figured I'll be here on that date."

"O, sige na, sige na." Tinapik-tapik ni Ate Jewel ang balikat niya. "Maligo ka na at i-upload mo na 'yang prerecorded vid mo at hinihintay ka nang mag-brunch ng mama at papa mo. Darating na 'yung mga bisita n'yo. Iwe-welcome n'yo na. Saan mo gustong ilagay muna 'yan? Dadalhin natin 'yan sa L.A., ano?"

"Yes, Ate. We'll bring it back with us. D'yan na lang muna sa desk, Ate Jewel." Hinagilap niya ang phone sa ilalim ng unan at naka-pout na kinunan ang sarili ng litrato habang hawak ang play button. "Palagay na lang, Ate Jewel. I need to update my *Twitter* and *IG* first."

"Uy, speaking of." Umayos ng upo si Reggie sa kama niya. "Nag-trending 'yung tweet mo tungkol sa lifeguard sa *Haven*."

Maarte siyang humalakhak. "Of course, it did."

"May manhunt na sa kanya, girl."

She smirked. "Serves him right."

She uploaded her pic on *IG* and started choosing a filter. Yes, she used filters on her photos. Everybody with a status like her did. And generally, it's not to edit the body and face and make it look like they had a gazillion cosmetic surgeries. It's mostly to keep the grid clean and keep it one tone.

Kapag may high-status celebrity na nagsabi na hindi sila gumagamit ng filter sa *IG*, b*tch, sinungaling iyon.

“Pero parang wala pang naka-identify sa kanya,” patuloy ni Reggie. “Wala pang name.”

Ngumuso si Stacia. Isa rin iyon sa ipinagtataka niya. By now her fans should have had his name, address, phone number and dick size. Pero mahigit twelve hours na ang nakakalagpas ay wala pa ring may alam ng mga iyon.

Of course, she could just get it from Dana’s sister, but why would she? Eh di, parang interesado pa siya! As if.

“Whatever.” She typed a heartfelt message to her eleven million followers on *IG* thanking them again for helping her reach her ten million on *YouTube*.

Mahigit tatlong linggo na niyang naabot ang ten million, actually, at halos twelve million na ang subscribers niya sa kasalukuyan. Pero dahil ngayon lang dumating ang diamond play button, nagpasalamat siya ulit sa kanyang mga followers.

Nag-tweet din siya sa *Twitter* pagkatapos ay in-upload na ang prerecorded video sa *YouTube* na ginawa niya para talaga sa pag-hit ng ten million.

It’s a time lapse video of her painting a picture of herself using makeups. At hindi lang basta picture iyon. It was the picture that started it all.

Around three years ago, she posted a picture of herself on *IG* dressed as the sultry *Salome*. That picture of herself as the seductress draped in gauzy sheets of lace jumpstarted her meteoric rise to global fame.

“Dalian mo na!” sita ni Ate Jewel. “Nagmamadali ang mama at papa mo at darating na ang mga bisita n’yo!”

“What’s new? Lagi naman silang nagmamadali!” Tumakbo siya papunta sa banyo.

After thirty minutes, she was ready to face the world. She had on a knee-length floral maxi dress with a fitted tube top and flowing skirt. Kulay old rose at dark pink iyon na tinernuhan niya ng nude wedge sandals. She just blow-dried her wavy black hair and let it fall down her back. Wala rin siyang masyadong makeup. Konting concealer lang, BB cream, pink lip tint with a hint of coral, brow gel at mascara. Sweet, fresh, and sultry ang peg niya.

Of course, nag-selfie si Stacia para sa kanyang OOTD.

“Shet, girl ang panget, isa pa!”

“Dito!” Itinuro ni Reggie ang couch sa bintana. “Maganda ang ilaw dito. Dali!”

Agad siyang nag-pose doon at nag-project para sa selfie.

“Nasa ’baba na rin ba sina Lizzy and Dana?” untag niya sa mga kasama pagkalabas ng suite.

“Ay, tulog pa,” sagot ni Ate Jewel. “Nagparty-party ang dalawang ’yon kagabi.”

“Naka-prepare na ang rooms nina Megan, Grayson at Pricilla?”

“Of course,” sagot ulit ni Ate Jewel. “Pati rooms ng

mga assistants nila, ayos na rin.”

Dumerecho sila sa elevator para bumaba sa mess hall ng hotel. Pagkarating doon, agad niyang nakita ang mesa ng kanyang pamilya.

“Ma!” bati niya nang makalapit sa mga ito.

Nagtaas ng tingin ang ina habang nakadikit sa tainga ang phone.

As usual, her mother wore a pant suit and black leather pumps. Iyon ang uniform ng nanay niya sa araw-araw, iba-iba lang ang kulay. Beige iyon sa araw na iyon, habang puti ang inner shirt nito. Elegante ang maikli nitong buhok gayundin ang suot na pearl necklace at earrings. Chinita ang mama niya at maputi. Dito nagmana ang Kuya Daniel niya.

“Good morning, dear.” Masuyo itong ngumiti at tinanggap ang kanyang halik sa pisngi.

Pero agad ding bumalik ang atensyon nito sa kausap sa phone.

“Pa.” Humalik din siya sa pisngi ng ama.

Her father, like her mother, believed in wearing the same style of clothes every darn day. Nakasuot ito ng light blue polo, dark pants at leather shoes.

At almost sixty, her parents still looked fit and youthful. Nakatulong siguro na parehong doctor ang mga ito.

“Good morning.” Tinapik siya ng ama sa balikat pagkahalik niya sa pisngi nito.

Kasama nila sa mesa ang kanyang Uncle Stefan na

kapatid ng kanyang mama.

“Uncle, is that you?” Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Isa ka bang aparisyon?”

Tumawa ang tiyuhin at tumaltak sa kanya. “I made a miracle to be here today.”

Kamukha ng mama niya ang kanyang tiyuhin. Matangkad, maputi at chinito rin.

“Hmp.” Umiling si Stacia. “You should have worked your magic, too, with Shannon. Eh di sana, part of the family na natin siya.”

“Nah, Shanon and I are better off as friends.”

